



Welcome to Kaizu City

(Gabay sa pang araw-araw na pamumuhay)




- Ang Kaizu City ay matatagpuan sa pinaka-timog ng Gifu Prefecture. Sa kanlurang bahagi at timog bahagi nito ay nasa tabi ng Mie Prefecture, at sa silangang bahagi naman ay nasa pagitan ng Ibi River at Nagara River na hangganan ng Aichi Prefecture.

Ang haba ng Kaizu City mula silangan hanggang kanluran ay mga 13 km, at mula hilaga hanggang timog ay mga 17 km, kaya ang kabuuang sukat nito ay 112 km².

Ang mga lugar sa silangan ng Ibi River sa gitna ng lungsod ay mga patag na lupa, habang sa kanlurang bahagi ay matatagpuan ang Yoro Mountains. Ang klima ay may malalakas na hangin tuwing taglamig na tinatawag na "Ibuki Oroshi," ngunit sa kabuuan, ito ay isang mainit na lugar.

- Ang populasyon ng Kaizu City ay mga 32,000 katao, kung saan mahigit 1,100 na mga banyaga ang nakatira. Upang matulungan ang mga dumating sa Kaizu City na magkaroon ng maginhawang pamumuhay, ginawa namin ang gabay na ito.

Magtulungan tayong lahat, unawain ang kultura ng isa't isa, igalang ang bawat isa, at mamuhay nang malusog at masaya.



Mga Pagproseso sa City Hall

● Resident registration

Ang mga long-term na residente (mga banyaga na naninirahan sa Japan na may hawak na Resident Card bilang kanilang ID) ay kailangang magparehistro sa city hall. Dapat magproseso ng rehistro sa Citizen's Affairs Division sa loob ng 14 na araw matapos magsimulang manirahan sa Kaizu City.

〈Mga kailangan〉

○ Bagong Pagdating… Mga taong bagong dating sa Japan.

① Residence card

② Passport

○ Paglipat… Mga taong lumipat ng tirahan sa Kaizu City.

① Residence card

② Mga dokumento mula sa lugar na dati mong tinitirhan

○ Change address… Mga taong nagbago ng tirahan sa loob ng Kaizu City.

① Residence card

○ Paglipat … Mga taong lumipat mula sa Kaizu City patungo sa ibang lungsod o munisipalidad.



Kapag nag-file ka ng Tenshutu todoke (Moving-out Notification), makakatanggap ka ng certificate na magsisilbing patunay ng iyong paglipat. Dalhin ang certificate na ito sa bagong lungsod o munisipyo kung saan ka lilipat.

※ Ang Residence Card ay isang napakahalagang dokumento. Kung may mga katanungan tungkol sa iyong Residence Card, magtanong sa Immigration Bureau.

● My Number Card

Ang My Number ay isang 12-digit na numero na ibinibigay sa lahat ng tao na may tirahan sa Japan at ginagamit para sa buwis, seguridad panlipunan, at mga hakbang pangkalamidad. Kapag first time mo sa Japan at nagparehistro ng tirahan, makakatanggap ka ng 「Individual Number Notice」 .

Upang ma-isagawa ang My Number, maaari mong i-proseso sa pamamagitan ng website, pamamagitan ng postal deliver, o sa City Hall sa Citizen's Affairs Division.

Ang My Number Card ay ginagamit bilang isang ID sa mga sumusunod:

- Pagpapatunay ng pagkakakilanlan (pag-submit sa trabaho o employer tulad ng kumpanya o part-time job)
- Kailangan sa mga proseso ng pagpapalit ng address kapag lumilipat
- Ibinibigay sa pagpaparehistro sa ospital (kung may sakit o injury, makakakuha ng konsultasyon basta magbayad lamang ng bahagi ng mga gastusin) at iba pa.

Shimin ka (Citizen's Affairs Division) TEL : 0584-53-1114



● Health Insurance

Para matiyak na makakapagpagamot nang walang alalahanin, ang mga tao na nakatira sa Japan nang higit sa tatlong buwan ay kailangang mag-apply sa Health Insurance. Kailangan ito bayaran, pero ito ay makakatulong na mababawasan ang bayaran sa hospital.

○ Social Health Insurance (Shakai Kenko Hoken)… Para sa mga nagtatrabaho sa kumpanya.

○ National Health Insurance (Kokumin Kenko Hoken)… Para sa mga self-employed at magsasaka.

- Para sa mga batang may edad na 0 hanggang 6 na taon (hanggang sa ika-31 ng Marso), 20% ng halaga ng konsultasyon ang kanilang babayaran.
- Para sa mga may edad na 6 hanggang 69 na taon, 30% ng halaga ng konsultasyon ang kanilang babayaran.

- Para sa mga may edad na 70 hanggang 74 na taon, 20% hanggang 30% ng halaga ng konsultasyon ang kanilang babayaran.

※Kung ang mga gastusin tulad ng operasyon o ospitalisasyon ay tumaas, maaari kang mag-proseso ng 'High-Cost Medical Care' para maibalik ang ilang bahagi ng iyong binayaran.



● Pension

Ang Nenkin o pension ay isang sistema na ginagamit upang suportahan ang sarili at iyong pamilya kapag ikaw ay tumanda o nagkaroon ng kapansanan dahil sa aksidente. Lahat ng mga tao na nasa pagitan ng 20 at 60 taong gulang na nakatira sa Japan ay kinakailangang mag-apply sa sistemang ito.

○ Employees' Pension Insurance (Kosei Nenkin) ... Para sa mga nagtatrabaho sa mga kumpanya sa Japan. Ang kumpanya ang mag-aasikaso ng

mga proseso.

○ National Pension (Kokumin Nenkin) … Para sa mga self-employed, magsasaka, at kanilang pamilya. Ang mga proseso ay isinasagawa sa munisipyo.

※Kung ang panahon ng pagiging miyembro ng pension ay maikli at aalis ka mula sa Japan, maaari kang mag-apply para sa (Dattai Ijikikin) o lump-sum.

Hoken iryo ka (Health Insurance Department) TEL : 0584-53-1349



● Long-term Care Insurance

Ang Kaigo Hoken o long-term care insurance ay isang sistema na nagbibigay ng tulong kapag kailangan ng suporta sa buhay dahil sa sakit o pagtanda. Ang mga sumusunod na tao ay kailangang magproseso sa munisipyo:

- Mga taong may edad 65 pataas at nakatanggap ng (Kaigo Hoken Hihokensha-sho) o long-term care insurance card.
- Mga tao na may edad 40–64 na taon, at may health insurance, na nangangailangan ng tulong dahil sa mga sakit na dulot ng pagtanda.

※Kapag ikaw ay nakatira sa Japan nang higit 3 buwan, o kung pinahintulutan ang iyong pag-stay, ikaw ay pwedeng maging miyembro ng Kaigo Hoken.

Korei kaigo ka (Senior Care Department) TEL : 0584-53-1145

● Welfare Medical System

Ito ay isang sistema na tumutulong sa mga gastos sa medikal na covered ng insurance. Sa Gifu Prefecture, libre ang gastos sa pagpapagamot, pero sa ibang Prefecture, kailangan magbayad muna at magdala ng resibo sa munisipyo para makuha ang refund.



Ang mga sumusunod na tao ang maaaring makinabang:

○ Nyuyoji iryo (Infant and Child Medical Care)…Para sa mga batang may edad 0 ~ 18 taon.

○ Boshi, Fushi Katei iryo (Medical Care for Single-Parent Families)…Para sa mga ina (o ama) at anak sa mga single-parent na pamilya, o para sa mga batang walang ama o ina.

※Maaaring magamit hanggang sa ika-31 ng Marso pagkatapos mag-18 taong gulang.

※Hindi maaaring makinabang ang mga taong kumikita ng mataas na sahod.

○ Judoshinshin Shogaisha Iryo (Medical Care for Severe Physical and Mental Disabilities)…Para sa mga taong may malubhang kapansanan.

1–3 level ng physical disability certificate (Shintai Shogai Techo).

A1–B1 level ng welfare certificate for developmental disabilities (Ryoiku Techo).

1 at 2 level ng mental disability welfare certificate (Seishin Shogaisha Hoken Fukushi Techo)

※ Ang mga taong tumatanggap ng malaking sahod ay hindi maaaring tumanggap nito.

Hoken iryo ka (Health Insurance Department) TEL : 0584-53-1349



○ Tungkol sa Tax (Zeikin)

Lahat ng tao na naninirahan sa Japan, anuman ang kanilang nasyonalidad, ay may obligasyong magbayad ng Tax. Ang mga Tax ay ginagamit para sa mga serbisyo tulad ng kalusugan, edukasyon, pangangalaga sa kaligtasan, at pagproseso ng basura para sa kapakanan ng lahat ng mamamayan. Siguraduhing magbayad sa itinakdang araw.

〈Mga uri ng Tax〉

○ Resident Tax (Jumin zei)... Ang buwis na kailangang bayaran ng mga tao na nakatira sa

Kaizu City

(Ang mga nagtatrabaho sa kumpanya ay kinakaltas ang tax sa kanilang sahod buwan-buwan. Ang mga hindi kinakaltasan ng

tax mula sa sahod, o ang mga self-employed, ay makakatanggap ng papel na nagsasaad ng kabuuang buwis sa loob ng isang taon, at kailangang bayaran ito sa loob ng apat na beses.)

※ Kung lilipat ka sa ibang lugar sa labas ng Kaizu City o babalik sa iyong bansa, tiyakin na bayaran ang lahat ng natitirang buwis.

○ Automobile Tax (Jidosha zei)... Tax na kailangang bayaran ng mga may-ari ng sasakyan o motorsiklo

Taun-taon, makakatanggap ng Tax Payment Notice (papel na nagsasaad ng tax) sa buwan ng May, at kailangang bayaran ito bago ang Mayo 31.

※ Kung magbibigay ka ng sasakyan o motorsiklo sa ibang tao, tiyaking gawin ang proseso ng pagpapalit ng pangalan.

※ Kung lilipat ka mula sa Kaizu City o babalik sa iyong bansa, tiyakin na gawin ang kinakailangang proseso.

○ Fixed Asset Tax (Koteishisan zei)... Tax sa lupa at mga gusali

Taun-taon, ang mga tao na may ari-
arian tulad ng lupa o bahay sa loob ng
Kaizu City ng January 1 ay kailangang
magbayad ng buwis.

※ Kung hindi mababayaran ang buwis sa takdang araw, may karagdagang
halaga na idadagdag bilang penalty.

※ Kung hindi mo kayang magbayad ng buwis dahil sa sakit, pagkawala ng
trabaho, o ibang dahilan, pumunta sa Tax Department at magtanong.

Zeimu ka (Tax Department) TEL : 0584-53-1116



● Mga Proseso ng Kasal at Pagbubuntis

- Kasal... Maaari kayong maging mag-asawa sa pamamagitan ng pagsusumite ng Marriage Registration sa Citizens Division ng City Hall.
- Pagbubuntis... Pag natanggap mo na ang ninshin todokede-sho (pregnancy notification form) mula sa ospital pagkatapos ng checkup sa doktor, tawagan mo ang kodomo mirai-ka (Children's Future Division) sa 0584-53-1526 para magpa-schedule ng appointment para sa boshi kenko techou (Maternal and Child Health Handbook). Sa araw ng iyong appointment, pumunta sa kodomo mirai-ka na window at makakakuha ka ng boshi kenko techou at ninpu kenko shinsa jushin-hyo (Prenatal Health Checkup Voucher, ang subsidy ticket para sa medical checkup). Kasabay nun, ikaw din ay mag-aapply para sa Shussan ouen kyufukin (Childbirth Support Allowance).
- Pagpapangana... Pag nanganak ka na, kailangan mong isumite ang birth registration sa City Hall (Shiyakusho, Shimin-ka) within 14 days. Kailangan mo ring mag-proseso sa embassy ng iyong bansa at Immigration Bureau (Nyukokukanri-kyoku) within 30 days. (Pwede mo ring ipagawa ito sa isang gyosei shoshi o administrative scrivener.)"



● Mga proseso para sa bata

○ Jido teate(Child Allowance)

Ang mga nag-aalaga ng bata hanggang matapos ang junior high school ay eligible makatanggap ng child allowance. Kapag lumipat ng tirahan, may bagong baby, o naging guardian ng isang bata, mag-apply sa Child Future Department sa loob ng 15 days.

- ¥15,000... Para sa mga bata hanggang 2 years old
- ¥10,000... Para sa mga bata mula 3 years old hanggang bago matapos ang elementary (¥15,000 para sa pangatlong anak)
- ¥10,000... Para sa junior high school students

※ Kung ang kita ay lumampas sa income limit, ang matatanggap ay ¥5,000.

※ Ang mga sumusunod ay hindi kasama:

- Mga short-term stay (e.g., tourism, leisure, sports)
- Mga nasa entertainment industry (e.g., theater, performing arts, music)
- Mga may maikling visa at hindi kinikilala bilang permanenteng nakatira para sa family or social life purposes.

○ Jidou Fuyou Teate (Single Parent Child Support Allowance)

Ang mga magulang o guardian na nag-aalaga ng bata sa isang single-parent

household hanggang 18 years old ay maaaring makatanggap ng espesyal na allowance. Ang allowance na ito ay maibibigay hanggang sa unang March 31 matapos maging 18 years old ang bata.

Kodomo mirai ka (Child Future Department) TEL: 0584-53-1526

○ Special Child Rearing Allowance (Tokubetsu Jidou Fuyou Teate)

Ang mga nag-aalaga ng bata na may kapansanan na mas bata sa 20 taong gulang ay maaaring makatanggap ng espesyal na tulong pinansyal. (※ May income limit ito.)

Shakai fukushi ka (Social Welfare Department) TEL: 0584-53-1139



● Health & Check-ups

- Vaccinations… Mga bakuna at iba pang injections upang maiwasan ang mga sakit. Ang mga bakuna na kailangang tanggapin ay nakadepende sa edad. Ang mga bakuna ay maaaring makuha sa mga kooperatibong healthcare facilities.

Pakikonsulta sa Health Department kung saan at anong bakuna ang maaaring gawin.

○ Adult Check-ups... Mahalaga ito upang mabilis na matukoy ang mga sakit. Para sa mga schedule ng check-up at lokasyon, pakikonsulta sa Health Department.

Kenko ka (Health Department) TEL: 0584-53-1317

○ Child Check-ups... Isinasagawa ang mga check-up upang matukoy kung ang bata ay malusog at aktibong nabubuhay. Ang mga kwalipikadong bata ay makakatanggap ng **notice**, kaya't siguraduhing magpa-check-up.

Child Future Department TEL: 0584-53-1526



● About Certified Children's Centers

Mayroong dalawang bahagi sa isang Certified Children's Center ang Childcare Department at ang Preschool Department.

○ Childcare Department... Nag-aalaga ng mga bata na hindi kayang alagaan ng kanilang magulang dahil sa trabaho,

karamdaman, at iba pang dahilan.

○ Preschool Department… Nagbibigay ng edukasyon para sa mga batang 3 taong gulang pataas bago pumasok sa elementary school.

※ Para sa mga proseso ng pagpasok sa center at mga detalyadong impormasyon, pakikonsulta sa Child Future Department.

Kodomo mirai ka (Child Future Department) TEL: 0584-53-1526

● Transferring to Elementary and Junior High Schools

Ang compulsory education sa Japan ay binubuo ng 6 na taon sa elementary school at 3 taon sa junior high school (6-15 years old). Ang compulsory education ay ang edukasyong kailangang matanggap ng mga bata.

Ang school year ay nagsisimula sa April at nagtatapos sa susunod na taon ng March.

Para sa mga magulang ng mga batang papasok sa elementary school sa susunod na taon, isang notice ang ipapadala sa katapusan ng January.

Gakko kyoiku ka (School Education Department) TEL: 0584-53-1498

○ About After-School Childcare (Gakudou Hoiku)

Ang mga bata mula sa elementary school 1st to 4th grade na walang kasama sa bahay dahil sa trabaho ng mga magulang ay maaaring mag-aral o maghintay sa after-school childcare sa mga oras pagkatapos ng klase, tuwing Sabado, o sa mahahabang bakasyon.

Ang mga 5th at 6th graders ay maaaring pumasok sa mga childcare centers lamang kung may bakanteng slots. Para sa mga detalye tungkol sa paggamit, bayad, at iba pa, pakikonsulta sa Child Future Department.

Kodomo mirai ka (Child Future Department) TEL: 0584-53-1526



Living

○ How to Dispose of Garbage

Paghahati ng basura sa Kaizu City

- Burnable Waste
- Non-Burnable Waste
- Recyclable Waste Plastic containers , packaging, empty cans (aluminum, steel) Empty bottles, PET bottles, Large bulky waste, and Other



(batteries, ceramics)

Kapag magtatapon ng basura, gumamit ng mga itinalagang basura bags ng Kaizu City at ilagay ito sa tamang lugar bago ang 8:00 AM ng araw ng pagkolekta. Ang araw ng pagkolekta ay iba-iba depende sa lugar at uri ng basura. Maaaring suriin ito sa Kaizu City Garbage Calendar.

※ Ang foreign language version ng Kaizu City Garbage Calendar ay available sa Living & Environmental Department (English, Chinese, Portuguese, Vietnamese).

※ Maaari ring makita ang foreign language version ng Kaizu City Garbage Calendar sa garbage sorting app na San-Ah-Ru (English, Chinese, Portuguese, Vietnamese).

※ Mangyaring maging maingat at huwag magtapon ng basura nang mali upang maiwasan ang mga problema sa mga kapitbahay.

Seikatsu • kankyoka (Living & Environmental Department) TEL: 0584-53-3195



○ About Water and Sewage Services

Kapag magsisimula o titigil sa paggamit ng water and sewage services, kailangan magsumite ng notice. Ang bayad ay ipinapadala sa pamamagitan ng payment slip, at maaari itong bayaran sa convenience store, bangko sa Kaizu City, o sa Water and Sewage Department.

Inirerekomenda ang automatic bank transfer para sa mas mapadali ang pagbayad ng mga bayarin.

Joge suidoka (Water and Sewage Department) TEL: 0584-53-1429

○ For Dog Owners

Ang mga nag-aalaga ng aso ay kailangang magpa-inoculate laban sa rabies once a year (¥3,200). Kinakailangan ding magparehistro sa city at magbayad ng registration fee na ¥3,000.

Ang mga bakuna ay ibinibigay tuwing unang linggo ng May, kaya't siguraduhing pumunta sa itinalagang lugar. Maaari rin itong ipagawa sa mga animal hospitals. (Ang kabuuang halaga ay ¥3,200, na kinabibilangan ng vaccination fee na ¥2,650 at certificate plate fee na ¥550).

Seikatsu • kankyoka (Living & Environmental Department) TEL: 0584-53-3195



Pamumuhay

○ Kapag may sakit



- Kung biglang magkasakit o magkaroon ng malubhang sugat, tumawag sa 119 para humingi ng ambulansya.
 - Kapag magpapatingin sa ospital, dalhin ang iyong My Number Card.
 - Kung biglang magkasakit sa gabi o Linggo, pumunta sa emergency hospital.
- ※ Sa Kaizu City, mayroong Kaizu City Medical Association Hospital (TEL: 0584-53-7111).

○ AMDA International Medical Information Center (Medical Consultation)

Kung nag hahanap ng Doctor na nagsasalita ng banyagang wika TEL : 03-6233-9266 10:00~16:00

TEL : 03-6233-9266 (10:00~16:00)

Lunes... English, Korean, Filipino

Martes...English, Chinese, Thai

Miyerkules...English, Spanish, Vietnamese

Huwebes...English, Chinese

Biyernes...English, Portuguese, Vietnamese

※Puwede rin gumamit ng Zoom at iba pa para sa interpretasyon.

TEL : 050-3405-0397 10:00~15:00

○ Medical Information Net (Navi)



Gamitin ang QR code na ito para makahanap ng mga ospital at botika sa buong bansa na may multilingual support.

"

○ Mga kapitbahay

Makipag-ugnayan sa mga kapitbahay sa pamamagitan ng mga simpleng pagbati at komunikasyon. Ang mga ganitong komunikasyon ay makakatulong din sa pagtutulungan sa panahon ng kalamidad.

※ Mayroong mga organisasyong tinatawag na "Jichikai" (local na residents' association) na layuning magtulungan sa komunidad. Maaaring kailanganin magbayad ng membership fee, ngunit makakatulong ito upang mas

maintindihan ang mga tradisyon sa Japan at makipagkaibigan sa mga kapitbahay. Magparehistro sa pamamagitan ng local na residents' association..

○ Pag i-ingay

Magkalapit ang mga bahay sa Japan kaya ang malalakas na ingay ay maaaring makaabala sa mga kapitbahay. Iba-iba ang pakiramdam ng bawat tao pagdating sa ingay, kaya mahalaga ang pagpapakita ng konsiderasyon sa iba.



○ Aksidente sa Daan o Krimen

Tumawag sa 110.

Kapag gagamit ng public telephone, pindutin muna ang emergency button bago tumawag. ※ Pwede ring direktang tumawag sa pinakamalapit na police station o koban.



○ Sunog, Biglaang Sakit, o Malubhang Pinsala

Tumawag sa 119.

Pwede kang humingi ng tulong sa fire truck o ambulance. Kapag tumawag ka,

tatanongin ka nila kung "Kaji desu ka? Kyukyu desu ka?" (Sunog ba o medical emergency?) huminahon at ipaliwanag nang malinaw.

※ May multilingual support para sa 119. Kahit hindi ka marunong mag-Japanese, may telephone interpretation service para matulungan kang makipag-usap sa emergency operator gamit ang interpreter.



○Paghahanda sa Sakuna

Ang Japan ay isang bansang madalas tamaan ng sakuna tulad ng lindol at bagyo. Sa Kaizu City, mahalagang mag-ingat lalo na sa pagbaha. Para sa kaligtasan ng iyong pamilya, siguraduhing may plano kayo at alam ninyo ang dapat gawin kapag may sakuna.

• Vacuation Centers...

Kapag may sakuna, agad pumunta sa pinakamalapit na evacuation center tulad ng elementary school, junior high school, o iba pang pampublikong pasilidad. Dito, makakakuha kayo ng pagkain at tamang impormasyon tungkol sa sitwasyon.

- Emergency Kit...

Siguraduhing may nakahandang emergency kit para sa biglaang sakuna. Narito ang ilang mahahalagang gamit na dapat mong ihanda para sa tatlong araw: inuming tubig at pagkain (gatas), Passport, Residence Card, My Number Card, cash at kopya ng bankbook, gamot, flashlight, baterya at radyo, damit, tuwalya, sapatos, hygiene products at first aid kit, raincoat, smartphone at charger, at iba pa.

- Kaizu City Disaster Prevention App...

Makikita mo ang nilalaman ng disaster prevention broadcast sa app gamit ang tunog at text. Sinusuportahan nito ang English, Chinese (Simplified at Traditional), Korean, Portuguese, Vietnamese, Spanish, French, Tagalog. Makakatanggap ka ng tamang impormasyon tungkol sa evacuation at iba pang importanteng updates.



- Multi-language Disaster Prevention Guide... Ipinaliwanag dito ang mga

hakbang na dapat gawin kapag may sakuna, mga paalala para sa ligtas na paglikas, at kung paano maghanda para sa mga ganitong sitwasyon.



English • Chinese



Portuguese • Tagalog



Vietnamese

- Facebook Disaster information...Ang Gifu Prefecture International Exchange



Center ay nagpapakatako ng "Disaster Information Multilingual Automated Distribution System" at nagpost ng mga update sa Facebook at iba pang platforms.

- Emergency Earthquake Alert...

Bago pa dumating ang isang malakas na lindol, makakatanggap ka ng babala sa TV, radyo, o smartphone. Kapag natanggap mo ang alerto, agad na magtago sa ilalim ng mesa o gumawa ng ibang hakbang upang protektahan ang sarili.

- 「Safety tips」 App...

Kapag lumindol, makakatanggap ka ng babala tungkol sa malalaking alon, biglaang pagbabago ng panahon, at iba pang emergency. Makakakuha ka rin ng gabay sa paglikas, communication cards para makipag-ugnayan sa iba, at mga mahalagang link para sa karagdagang impormasyon.. (English, Chinese, Korean, Japanese, Spanish, Portuguese, Vietnamese, Thai, Indonesian, Tagalog, Nepali, Khmer, Burmese, Mongolian)

For Android



For iPhone



- Disaster message dial...

Tumawag sa 171 para magpadala o tumanggap ng mensahe.

(Ang mga instruksiyon ay ibinibigay sa Japanese)

- * LINE Gifu Prefecture Official Disaster Prevention Account

Japanese, English, Chinese, Tagalog, Portuguese





Mga Patakaran sa Kalsada at Manners

○ Mga Panuntunan sa Paggamit ng Bisikleta

- Dapat magbisikleta sa kaliwang bahagi ng kalsada.
- Sa sidewalk, ang mga naglalakad ang may priyoridad, at dapat dumaan malapit sa gilid ng kalsada.
- Laging magsuot ng helmet.
- Sundin ang mga panuntunan sa kaligtasan:
- Huwag magbisikleta kapag nakainom ng alak.
- Bawal ang may angkas.
- Gamitin ang ilaw kapag madilim.
- Sundin ang mga traffic light at signal.

※ Kapag nagbibisikleta, siguraduhin na may insurance at magparehistro ng bisikleta sa pulisya bilang proteksyon laban sa pagnanakaw.

○ Para sa Mga Sasakyan at Motorsiklo

Para makapagmaneho ng sasakyan o motorsiklo sa Japan, kailangang pumasa sa Japanese driving test o pumasa sa Driver's License Conversion Test (Kirikae Test).

May iba pang mga exceptions, kaya para sa mga detalye, tawagan ang espesyal na hotline ng Gifu Prefectural Police Foreign License Division.

TEL: 0582-37-5719



○ Pampublikong Transportasyon

Sa Kaizu City, maraming tao ang gumagamit ng community bus, demand transportation, Yoro Railway, Meihan Kintetsu Bus, at taxi para sa trabaho at eskwela.

- Community Bus...May 5 ruta

(Ochiobo Inari Line、Ishizu Line、Komano Line、Kiso
Sansen Koen Line、Kaizu Tsushima Line)

Suit Travel Kaizu Branch TEL: 0584-54-5288

Guide Transportation



Bus Location System



- Demand Transportation…Mag-book ng araw at oras na nais gamitin, at ang bus ay tatakbo mula sa pinakamalapit na bus stop papunta sa iyong destinasyon

May 421 bus stops sa loob ng Kaizu City at 7 bus stop sa labas ng Kaizu City.

Reservation TEL: 0120-411-025 (8:30 AM ~ 5:00 PM)

Online Reservation 6:00 AM ~ 10:00 PM



○ Kung Gusto Mong Mag-aral ng Nihongo

Sa Kaizu City, may 2 grupo kung saan puwedeng mag-aral ng Japanese, makipagpalitan ng kultura, at kumonsulta tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay. Huwag mahiyang magtanong!

★Kaizu Kokusai Koryu no Kai TEL : 090-3302-2527

Tuwing Linggo, 1:00 PM – 4:00 PM

Kaizu City OCT Culture Center (Kaizu-cho Takasu 585-1, Kaizu City)

★Hirata Nihongo Kyoshitsu TEL : 090-5007-5786

Tuwing Linggo, 1:00 PM – 4:00 PM

Fureai Center (Hirata-cho Imao 4444-1, Kaizu City)


○ Online Japanese Learning Sites Para sa mga dayuhang naninirahan sa Japan

→ Tsunagaru Hirogaru Nihongo de no Kurashi (TSUNAHIRO)



○ Online Japanese Learning Site

→ NHK WORLD JAPAN-Learn Japanese



Kikaku ka (Planning Division) TEL : 0584-53-1113

Consultation Desk

* Kaizu City Hall TEL : 0584-53-1111

Kaizu-cho Takasu 515 8:30~17:15



※ Makikita ang impormasyon tungkol sa Kaizu City sa 「Facebook」

「Instagram」

※ Ang opisyal na website ng Kaizu City ay makikita sa English, Chinese (Simplified & Traditional), Korean, Portuguese, at Vietnamese

* Gifu International Center (Para sa mga konsultasyon sa pamumuhay)

TEL : 058-214-7700

Gifu Chuunichi Building 2nd Floor, Yanagase-dori 1-12, Gifu City

• Lunes – Biyernes (Sarado tuwing holiday) 9:00 AM – 4:30 PM

※ Impormasyon Tungkol sa Mga Nihongo Class sa Gifu Prefecture

※ English, Chinese, Portuguese, Tagalog, Vietnamese



* Gifu Consultation Center for Foreign Residents (buwis, tirahan, edukasyon, at welfare)

TEL : 058-263-8066 (Nasa loob ng Gifu International Center)

Lunes ~ Biyernes, 9:30 AM – 4:30 PM

(Sarado tuwing holiday at Bagong Taon)

• Ilang beses sa isang taon, may multilingual na konsultasyon sa abogado, administrative scrivener (legal document specialist), counseling para sa mental health, at immigration consultation.

※ Libreng konsultasyon sa LINE

※ Facebook 「Gifu International Center -Public Service- 」

* Government Consultation Desk for Foreign Residents

(Seino Prefectural Office) TEL : 050-1731-8027

Seino General Government Building 4F, 422-3 Ezaki-cho, Ogaki City, Gifu

Portuguese… Lunes – Huwebes, 9:00 AM – 4:00 PM

Biyernes, 9:00 AM – 3:00 PM

* Ogaki International Exchange Association (Para sa Konsultasyon sa

Pamumuhay) TEL : 0584-82-2311

Suitopia Center, 5-51 Muromoto-cho, Ogaki City, Gifu

English • Chinese:…Lunes – Sabado (Sarado tuwing Martes)

8:30 AM – 5:15 PM



Portuguese... Linggo, 9:00 AM – 3:00 PM (2nd Sunday – may counseling para sa mental health)

※May konsultasyon sa administrative procedures at legal consultation kasama ang administrative scrivener (legal document specialist).

* Hello Work Gifu (Job Introduction) TEL : 0582-47-3215

1-9-1 Go-tsubo, Gifu City, Gifu Prefecture

Lunes - Biyernes (Sarado tuwing holiday) 9:00 AM – 4:30 PM

Languages: English, Chinese, Portuguese, Tagalog, Spanish

* Hello Work Ogaki (Job Introduction) TEL : 0584-80-5061

1-1-8 Fujie-cho, Ogaki City, Gifu Prefecture

Portuguese...Lunes to Biyernes (Sarado tuwing holiday) 9:00 AM – 4:00 PM

Chinese...Lunes, Martes, Huwebes, Biyernes 9:00 AM – 4:00 PM

English...Martes 9:00 AM – 4:00 PM

* Gifu Labor Standards Inspection Office

(Labor and Employment Condition Consultation) TEL : 058-245-8102

Kinryo-cho, Gifu City, Gifu Prefecture, Gifu Government Building 3rd Floor

Lunes ~ Biyernes (Sarado tuwing holiday) 9:30 AM – 4:00 PM

Martes ~ Huwebes:...Portuguese, Spanish



* Nagoya Immigration and Residence Management Bureau

(Immigration and Residence Consultation) TEL: 0570-01-3904

Address: 5-18 Shoho-cho, Minato-ku, Nagoya City

Lunes ~ Biyernes 8:30 AM – 5:15 PM (Sarado tuwing weekends at holidays)

English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, Vietnamese, Tagalog,
Nepali, Indonesian, Thai, Cambodian, Myanmar, Mongolian, French,
Sinhala, Urdu

• Gifu Immigration Branch Office (Immigration and Residence Consultation)

TEL: 058-214-6168

2-7-2 Mieji-cho, Gifu City, Gifu Prefecture, Gifu Legal Affairs General Office
4th Floor

9:00 AM – 4:00 PM (Sarado tuwing weekends at holidays)

* Legal Support Multilingual Information Service Hoterasu (Japan Legal
Support Center)

TEL: 0570-078377 (Legal Consultation)

Lunes ~ Biyernes 9:00 AM – 5:00 PM

* Foreigners' Human Rights Consultation (Human Rights Consultation)

TEL: 0570-090911

Lunes ~ Biyernes (Sarado tuwing Pasko at Bagong Taon) 9:00 AM – 5:00 PM

English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, Vietnamese, Tagalog, Nepali, Indonesian, Thai, Cambodian, Myanmar, Mongolian, French, Sinhala, Urdu

※ Meron ding internet human rights consultation service sa website ng Ministry of Justice.

● News letter

Tuwing unang araw ng buwan, may ilalabas na libro na naglalaman ng impormasyon tungkol sa Kaizu City, mga bagay tungkol sa pamumuhay, at iba pang mga impormasyon. Maaari itong tingnan sa "Catalog Pocket" na smartphone app sa mga wika ng Japanese, English, Chinese (Simplified at Traditional), Vietnamese, Korean, Thai, Portuguese, Spanish, at Indonesian.

※ Meron ding browser version ng "Catalog Pocket."

※ Hanapin ang "Catalog Pocket" sa app store → Download the app → Hanapin ang "Kaizu City." Kapag na-register mo sa "My Contents," makakatanggap ka ng mga latest na updates.



● Serbisyo ng telepono para sa interpretasyon sa dalawang o tatlong tao sa City Hall

Sa Kaizu City Hall, maaari kang makipag-usap gamit ang interpreter o operator para sa dalawang o tatlong tao, kaya magiging mas madali para sa'yo ang mga kumplikadong proseso. (Magagamit din ito sa panahon ng sakuna) English, Korean, Chinese, Spanish, Portuguese, Tagalog, Vietnamese, Nepali, Indonesian, Thai, Cambodian, Myanmar, Mongolian, French, Sinhala, Urdu, Bengali, Russian, Ukrainian, Arabic.

【Contact Information for the Guide to Living】

Kaizu City, General Affairs and Planning
Department, Planning Section

Address: 〒503-0695 Kaizu City, Kaizu Town
Takasu 515

TEL: 0584-53-1113

E-mail: kikaku@city.kaizu.lg.jp



この冊子は岐阜県からの補助を受けています。